

Naghahanda ang Lungsod ng Brampton para sa ligtas na muling pagbubukas ng mga pasilidad ng Lungsod at muling pagbabalik ng mga serbisyo

BRAMPTON, ON (Agosto 26, 2020) – Simula Setyembre 9, ang mga pasilidad pangnegosyo ng Lungsod, kabilang ang City Hall ay muling magbubukas sa publiko para sa personal na mga serbisyo batay sa appointment lamang. Nananatiling sarado sa mga walk-in o walang appointment ang lahat ng pasilidad para makatulong sa pagsuporta sa mga pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan.

Simula sa Setyembre 16, muling magbubukas sa publiko ang Council Chambers na magpapahintulot ng pinakamarami 50 katao na dadalo sa mga pagpupulong nang personal sa pamamagitan ng paunang pagbo-book lamang. Magpapatuloy ang Lungsod sa pagbibigay ng online na mga opsyon sa paglahok, pagpresenta at pagtalaga sa lahat ng mga pagpupulong ng Komite at Konseho ng Lungsod.

Ang mga detalye ng mga personal na serbisyo at proseso ng pagpapa-book ng appointment ay available sa mga darating na araw sa website ng Lungsod. Para sa karagdagang mga detalye sa kung ano ang aasahan kapag bumibisita at kung paano ginagawa ng Lungsod ang parte nito sa pagpapanatili sa publiko na ligtas, bisitahin ang brampton.ca/reopening.

Mga Sentrong Panlibangan

Ang piling mga panlibangang pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay muling magbubukas para sa nakareserbang appointment lamang. Ang mga indoor pool, mga fitness amenity at limitadong pangkalahatang programa ay muling magsisimula matapos ang Labour Day (Setyembre 7) batay sa reserbasyon. Ang mas maraming impormasyon tungkol sa lahat ng programa at mga serbisyo simula Labour Day, kabilang ang kung paano magpapareserba ng puwesto ay makikita sa www.brampton.ca/recreation sa Setyembre 1.

Mga Quote

“Salamat sa ating komunidad para sa kanilang mga pagsisikap para makatulong sa atin na umabot sa yugtong ito. Patuloy nating sinusunod ang payo ng ating mga eksperto sa public health sa pamamagitan ng pagtuon sa isang maingat na yugto-yugtong muling pagbubukas at muling pagpapasimula ng mga personal na serbisyo. Habang ito na ang bagong katotohanan para sa ating lahat, nagsisikap tayong gawin itong isang ligtas at maayos na pagbabago para sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng ating Survey sa Muling Pagbubukas, narinig natin na 70% ng mga residente ang gustong magbigay ang Lungsod ng sindaming online na serbisyonang posible. Mula sa mga building permit, mga event, hanggang sa pagkonsulta sa publiko, nagmodipika tayo para magbigay ng mas ligtas na mga opsyon online para sa ating komunidad at mga negosyo. Patuloy nating uunahin ang paghahanap ng mga bagong paraan sa paggawa ng negosyo na ligtas, madaling naakses at kumbinyente habang patuloy tayo sa ating dahan-dahang muling pagbubukas.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Sa loob ng nakalipas na ilang buwan, inihanda ng mga staff ang ating mga pasilidad para sa isang ligtas na muling pagbubukas. Pinasimulan natin ang mga pamamaraan ng paglayo mula sa iba, pinaigting ang mga proseso ng paglilinis, araw-araw na aktibong pag-screen para sa lahat ng empleyado at itinaguyod ang remote na pag-akses sa trabaho. Ang lahat ng pagsisikap na ito ay nagtitiyak na sinusunod natin ang mga patnubay ng public health nang hindi kinukompromiso ang serbisyong ibinibigay natin sa ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca